IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

# Pagsusuri Sa Kasalukuyang Polisiya Ng Mtb-Mle At Sa Kahusayan Ng Mga Guro Sa Pagtuturo Sa Polanco, Zamboanga Del Norte: Tugon Sa Pagpapaunlad Ng Implementasyon Ng K-12 Kurikulum

**GLENDA ABEJERO-TAMPON, MA-Fil**
Assist. Prof.2, CAS Extension Chairpeson, SAMAFIL Adviser
Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus-Dipolog City

*Abstrak* — Ang pag-aaral ay naglalayong masuri ang implementasyon ng programang MTB-MLE sa Munisipalidad ng Polanco sa lalawigan ng Zamboanga del Norte sa pamamgitan ng pagtatasa sa kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin, at sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatib-deskriptib sa pamamagitan ng ebalwatib na pamamaraan dahil ito ay isang proseso na naglalayon sa pagtipon, pagsuri, pag-uri at pagsukat ng mga datos tungkol sa kasalukuyang kondisyon, gawain, paniniwala at proseso, at pagbibigay ng angkop at tamang interpretasyon na ginagamitan ng mga pantulong na istatistikal na pamamaraan. Ang mga guro ay lubos na sumang-ayon sa paggamit ng MTB-MLE na may kwalipikasyong napakahusay. Ito ay nagpapakita lamang na bukal sa kanilang loob ang pagtanggap sa bagong programa na ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng K to 12 Kurikulum. Puspusan din ang ginawang pagsubabay ng Kagawarang Pang-edukasyon sa ikauunlad ng Implemensyon ng MTB-MLE sa bawat paaralang nasasakupan. Ang kasalukuyang polisiya sa pangkalahatan nitong layunin ay lubos na sinasang-ayunan ng mga respondent.

Sa pananliksik na ito ay iminungkahi na hikayatin ang mga guro, mananaliksik atbp., na gumawa ng mga diksyunaryo ayon sa Wikang Cebuanong Binisaya na nakasanayan at nakagisnan ng mga mag-aaral at magkaroon pa ng ibayong rebisyon sa mga aklat, modyul at iba pang kagamitan na ginagamit sa pagtuturo ng unang wika upang maiangkop ito sa lugar na gumagamit nito. Ang pagkakaroon ng mga karagdagang seminar o pagsasanay na nakapokus sa MTB-MLE ay makakatulong din sa mga guro para sa mas lalong paghubog ng kanilang kakayahan at kaalaman. Iminumungkahi na higit pang paigtingin ang implementasyon ng programa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ebalwasyon sa mga paaralan ng kasalukuyang kalagayan ng MTB-MLE at tingnan muli ang mga superbison sa dibisyon kung paano isinasagawa at sinusunod ang polisiya ng DepEd Order 74 s 2009. Ang mga punong-guro at mga pinuno ng Kagawarang Pang-edukasyon ay dapat maglunsad ng mga programa, palatuntunan at patimpalak upang higit na mapaunlad at malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga guro at mag-aaral.

Para sa mga magulang, komunidad at sa mga taong maging sangkot sa programang ito, iminungkahing magkaroon ng oryentasyon upang mas maunawaan ng nakararami ang nasabing programa.

***Keywords — Polisiya, implementasyon, Kahusayan, pagtuturo, kurikulum, MTB-MLE, programa***

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksiyon

Ang malawakang pagbabago nangyayari sa ating paligid ay kaagapay nito sa pagtahak sa landas ng karunungan at kaunlaran. Ang mga pagbabagong ito ay nangangailangan ng lubusang pagtanggap sa isang indibidwal upang maisakatuparan ang anumang layunin nito.

Bilang tugon sa mabilis na pagbabago sa larangan ng edukasyon, patuloy na paglaganap ng mga makabagong kaalaman at impormasyon, pagbigay solusyon sa pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa bansa at makaagapay sa pandaigdigang larangan ng globalisasyon, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpatupad ng makabagong patakaran sa kurikulum upang mas mapataas at maisakatuparan ang isang uri ng sistemang magbibigay ng higit na kalidad ng edukasyon sa lahat ng mga Pilipino. Ayon sa R.A. no. 10533 o ang "Enhanced Basic Education Curriculum Act of 2013", ipinatupad ang programang "K to 12 Curriculum" sa edukasyong elementarya at sekondarya.

Sa pag-aaral ni Bacalla (2019) sinabi niya na ang paggamit ng unang wika o Mother Tongue-Based Multilingual Education sa Pilipinas ay isang pagtugon sa uhaw na pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagtamo ng madaliang pag-unawa sa isang aralin. Patunay nito ang sinabi ni Cummins (1996) na ang paggamit ng unang wika ay tumutulong sa pagtamo ng pag-unawa at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Napakaraming pag-aaral na nagpapatunay na malaking naitutulong ng paggamit ng unang wika bilang wikang panturo, ayon kina Benson (2002) at Dutcher (2003) na ang pangkalahatang edukasyong natamo ng mga mag-aaral ay mas napapalawig kung ipinagamit ang unang wika bilang pundasyong wika sa pag-aaral ng primarya.

Sa pagsisimula ng makabagong balangkas sa pagtuturo sa mga asignatura sa k to 12 curriculum gamit ang Mother-Tongue Based- Multilingual Education, maraming hamon na dapat tugunan at punan ang mga guro upang maabot ang mataas na pamantayan ng pamahalaan sa mga mamamayan nito.

Ang isang guro ay may malaki, malawak, at malalim na epekto sa buhay at kinabukasan ng mga mag-aaral at sa sambayanan. Bilang mga tagapagbahagi ng kaalaman, ang bawat guro ay dapat maghubog ng wastong ugali at pagpapahalaga, higit sa lahat mga kaalaman at kasanayan na dapat matutunan sa pagtuturo upang mabisang makabahagi at magampanan ang kani-kaniyang responsilidad.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang malaman ang kalagayan ng implementasyon ng MTB-MLE sa Munisiplaidad ng Polanco ayon sa polisiya at kahusayan ng mga gurong nagtuturo nito.

### Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Ayon kay Chomsky (2006) na maiuugnay ang wika sa tunog at kahulugan sa isang partikular na paraan, ito ay sa pag-unawa sa sinasabi at sa pagbibigay ng mga senyas o pidbak na

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

may layuning magbigay-kahulugan na naunawaan ito. Masasabi kung gayon na kapag taglay ng bata ang wikang ginagamit sa pagtuturo sa kanya, mabilis niyang matututunan ang mga aralin. Ang batang komportable sa wikang panturo na ginagamit ng guro ay nakapagbabahagi ng kanyang kasagutan nang walang pag-aalinlangan. Sa ipinalabas na press release ng Kagawaran ng Edukasyon, sinabi nito na ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng unang wika (mother tongue) sa loob ng klasrum sa mga unang taon ng bata sa paaralan ay nakatutulong upang matutuhan niya ng mabilis ang mga aralin at madali rin niyang matutuhan ang ikalawang wika (Filipino at Ingles).

Ayon naman kay Nolasco (2008) na binanggit sa pag-aaral nina Mariano et. al. (2020) na ang pagpapaigting ng pagtuturo ng unang wika sa mga paaralan ay isang pangunahing ugat ng pagkatuto kung ito ay nagbunsod sa polisiyang Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE). Isinasaad sa polisiyang ito na higit na magiging madali ang pag-unlad ng kognitibong kakayahan at pagkatuto ng nilalaman ng isang materyal kung ito ay maituturo sa wikang pamilyar. Ang pagtuturo ng Mother Tongue Base-Multilingual Education (MTB-MLE) ay isa sa makabagong pamamaraan sa "K to 12 Curriculum", bilang isang asignatura at midyum na ituturo at gagamitin mula sa kindergarten, unang baitang (Grade I) hanggang ikatlong baitang (Grade III). Layunin nito ang pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng paggamit ng nakalakihang wika na unang natutuhan o ginagamit palagi ng bata o first language (L1) bago magkaroon ng transisyon sa pagtuturo ng wika sa Filipino (L2) at English (L3), (Principles of Teaching 2, 2014).

Ayon kay Santos, delegado ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang paggamit ng Mother Tongue Based Multilinggual Education (MTB-MLE) bilang midyum ng pagtuturo ay makatutulong sa mga itinuturo sa kanila gamit ang kanilang kinagisnang wika. Ayon sa kanya" Malaki ang magiging tulong ng paggamit ng panrehiyong wika sa pagtuturo sa mga paaralan dahil mas maiintindihan at maisapuso ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan". Hindi maiiwasan ang paggamit ng mga mag-aaral ng kanilang katutubong wika sa loob ng paaralan.

Ayon kina Dutcher & Tucker (1994), madaling makadaragdag ng bagong konsepto sa kaisipan ng isang mag-aaral kung bibigyang-halaga ang unang dila o wika ng tao, at hindi kailangang ihinto ang pagkatuto ng nilalaman bago maging mahusay sa ikalawang wika.

Sa pahayag ni Gacheche (2010), tumutukoy sa mother tongue bilang isang mahalagang pangangailangan ng mga bata. Ang isang posibleng paraan ng pagtugon sa kawalan ng prayoridad sa paggamit ng mother tongue ay ang paggamit ng isang paradigm na tinatawag na additive multilingualism.

Ayon sa impormasyon ni David (2011), ang mga kontemporaryong patern ng pandaigdigang komunikasyon at intigrasyon ay gumawa ng mga programang pang-edukasyon sa maraming wika ng isang paraan upang mapahintulutan ang mga bata na maranasan ang kanilang mayaman na multilingual na mga karanasan bilang isang kalamangan at bilang isang paraan ng paglaki sa isang multilingual na mundo. Ang pagbibigay ng kakayahan sa mga bata sa wika na

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

sinasalita sa kanilang tahanan (L1), pati na rin ang wika na sinasalita ng mas malaking komunidad (L2, L3, L4, atbp.) ay maaaring pakinabangan sa mga indibidwal at lipunan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kasanayan sa pag-aaral.

Ngunit ang paglinang sa kasanayan ng mga mag-aaral tungo sa kapaki-pakinabang na paraan ang siyang maituturing na hamon sa bawat guro ng wika. Maisasagawa ito ng guro kung siya ay may sapat na kagamitang magagamit upang linangin ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral.

Sinabi ni Tomlinson (2001) na ang pagdebelop ng kagamitan ay isang larangan at gawain. Bilang larangan, ito'y pag-aaral sa mga prinsipyo at hakbangin sa pagbuo ng kagamitang panturo, implementasyon at ebalwasyon nito. Bilang gawain, kinasasangkutan ito ng produksyon, ebalwasyon at paggamit ng guro ng kagamitang panturo sa kani-kanilang klasrum. Ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang panturo na dumaan sa proseso ng pagtataya ukol sa kabisaan nito ay isa sa mga paraan para matiyak ang kapaki-pakinabang na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang gawaing ito ay marapat na kasangkutan ng mga guro ng wika kung ang layunin niya ay para sa kapakanan ng mga mag-aaral na kanyang pinaglilingkuran.

Subalit sinabi ni Evans et. al. (2001) na maliit na bahagdan lamang ng magagaling na guro ang maituturing na mahusay sa pagbuo ng kagamitang panturo. Hindi maitatangging sa kasalukuyan ay maraming guro ang may salat na kaalaman hinggil sa pagbuo ng kagamitang panturo na angkop sa iba't ibang uri ng mag-aaral. Ang ilan sa nabuong kagamitan ng guro ay hindi akma sa antas ng mga mag-aaral at sa kurikulum. Ang kagamitang binuo ng guro ay marapat na naaayon sa kurikulum.

## II. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatib-deskriptib sa pamamagitan ng ebalwatib na pamamaraan. Ang kwantitatib-deskriptib-ebalwatib na pamamaraan ay isang proseso na naglalayon sa pagtipon, pagsuri, pag-uri at pagsukat ng mga datos tungkol sa kasalukuyang kondisyon, gawain, paniniwala at proseso, at pagbibigay ng angkop at tamang interpretasyon na ginagamitan ng mga pantulong na istatistikal na pamamaraan.

Ginamit ang kwantitatib-deskriptib-ebalwatib na pananaliksik upang malinaw na maipakita at masuri Kasalukuyang Polisiya at Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo sa Munisipalidad ng Polanco sa lalawigan ng Zamboanga del Norte.

## III. Pagtatalakay sa mga Natuklasan

Makikita sa Talahanayan 1 na ang mga respondent sa pananaliksik na ito ay ang mga piling guro na nagtuturo mula Kindergarten hanggang Grade 3 sa mga paaralang elementarya sa

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Munisipalidad ng Polanco sa lalawigan ng Zamboanga del Norte. Ginamit ang *Random Sampling* sa pagkuha ng mga respondente. Naniniwala ang mananaliksik na mas madali ang ganitong paraan sa pagkuha ng datos at dahil sa pandemya ng mga panahon na ginawa ang pananaliksik na ito, pinayagan ang mananalikisik na kumuha lamang ng sampung respondente bawat taon.

**Talahanayan 1 Propayl ng Respondente ayon sa Gradong Tinuturuan**

| **Gradong Tinuturuan** | **f** | **Porsyento** |
|---|---|---|
| **Kinder** | 10 | 25 % |
| **Grade 1** | 10 | 25 % |
| **Grade 2** | 10 | 25 % |
| **Grade 3** | 10 | 25 % |
| Total | **40** | **100 %** |

Mapapansin sa Talahnaya 2 ang propayl ng mga respondent ayon sa edad. Makikita sa talahanayan na ang edad 41 pataas ang may pinakamaraming respondent na may kabuuan na 19 at nagkaroon ng 48 na porsyento. Ang sumunod ay may gulang na 36-40 at 31-35 na may parehong 9 na respondent at nagkaroon ng 23 na porsyento, samantalang 3 respondente lamang ang may edad na 26-30 na may 8 na porsyento. Walang respondenteng tumugon na may edad na 21-25 na taong gulang.

**Talahanayan 2 Propayl ng mga Respondente ayon sa Edad**

| **Edad** | **f** | **Porsyento** |
|---|---|---|
| **41 pataas** | 19 | 48 % |
| **36 – 40 years old** | 9 | 23 % |
| **31 – 35 years old** | 9 | 23 % |
| **26 – 30 years old** | 3 | 8 % |
| **21 – 25 years old** | 0 | 0 % |
| Total | 40 | 100 % |

Ang Talahanayan 3 ay nagpresenta ng mga respondent ayon sa kasarian. Sa kabuuan, 40 respondente ang kinuhaan ng datos ng mananaliksik mula Kindergarten hanggang Grade 3. Ang mga babaeng respondent ang may pinakamaraming bilang na 36 at may 90 na porsyento, samantalang 10 porsyento lamang ang sa mga lalaki na may kabuuang bilang na apat (4).

**Talahanayan 3 Propayl ng mga Respondente ayon sa Kasarian**

| **Kasarian** | **f** | **Porsyento** |
|---|---|---|
| **Babae** | 36 | 90 % |
| **Lalaki** | 4 | 10 % |
| Total | 40 | 100 % |

Makikita naman sa Talahanayan 4 propayl ng mga respondent ayon sa bilang ng taon sa pagtuturo. Matutunghayan na karamihan sa mga respondenteng tumugon ay may 10-pababa ang

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

taong ginugol sa pagtuturo na may bilang na 12 at may porsyentong 30. Ang sumunod ay ang 9 na mga gurong nagtuturo ng mahigit 11-15 na taon na may 23 na porsyento. Ang mga respondenteng nagtuturo ng mahigit 26-pataas ay may bilang na 8 at nagtamo ng 20 na porsyento, samantalang 6 na guro lamang ang tumugon na may 21-25 na taon sa pagtuturo at 5 sa 16-20 na taon.

Sa resulta ng pangangalap ng datos, masasabing mas maraming mga guro na baguhan pa sa serbisyo ang nagtuturo sa Kindergaten hanggang Grade 3.

**Talahanayan 4 Propayl ng mga Respondente ayon sa Bilang ng taon sa Pagtuturo**

| **Bilang ng taon sa Pagtuturo** | **f** | **Porsyento** |
|---|---|---|
| **26 – pataas** | 8 | 20 % |
| **21 – 25** | 6 | 15% |
| **16 – 20** | 5 | 13 % |
| **11 – 15** | 9 | 23 % |
| **10 - pababa** | 12 | 30 % |
| Total | 40 | 100 % |

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang propayl ng mga respondent ayon sa edukasyong nakamit. Makikta dito na mas mataas ang bilang ng mga respondent na tumugon sa talananungan na nagtapos sa kolehiyo na may bilang na 34 at may kabuuang porsyento na 85. Lima (5) ang tumugon na nakapag-aral sa paaralang gradwado ngunit hindi natapos at isa (1) naman sa nakapagtapos.

**Talahanayan 5 Propayl ng mga Respondente ayon sa Edukasyong Nakamit**

| **Edukasyong Nakamit** | **f** | **Porsyento** |
|---|---|---|
| **Nakapagtapos ng Kolehiyo** | 34 | 85 % |
| **Nakapag-aral sa paaralang gradwado ngunit hindi natapos** | 5 | 13 % |
| **Nakapagtapos sa paaralang gradwado** | 1 | 3% |
| **Total** | 40 | 100 % |

Ang Talahanayan 6 ay nagsisilbing ebalwasyon sa layunin ng Kasalukuyang Polisiya sa implementasyon ng programang MTB-MLE sa Munisipalidad ng Polanco sa lalawigan ng Zamboanga del Norte

Ginamit ang mga sumusunod na sukatan;

| ***Legend:*** | ***Weight*** | ***Range of Values*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|---|
| | *5* | *4.21 – 5.00* | *Talagang Lubos na sumasang-ayon* |
| | *4* | *3.41 – 4.20* | *Lubos na sumasang-ayon* |
| | *3* | *2.61 – 3.40* | *Sumasang-ayon* |
| | *2* | *1.81 – 2.60* | *Hindi gaanong sumasang-ayon* |
| | *1* | *1.00 – 1.80* | *Hindi sumasang-ayon* |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 6 Ebalwasyon sa Layunin ng Kasalukuyang Polisiya ng MTB-MLE sa Pangkalahatan**

| Layunin ng MTB-MLE | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Malinaw at tiyak ang mga layunin nito. | 3.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2.Naaalinsunod ang mga layunin nito sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nadedebelop ng mga layunin ang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Naaakma ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan. | 3.93 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakikita ang resulta ng pagkakatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa mga nakatakdang layunin | 3.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Average Weighted Mean** | 3.86 | Lubos na sumasang-ayon |

Malinaw na makikita sa Talahanayan 6 na batay sa ebalwasyon sa layunin ng kasalukuyang polisiya ng MTB-MLE sa pangkalahatan na ito ay may average weighted mean na 3.86 na ibig sabihin talagang sumasang-ayon ang lahat ng mga respondente na malinaw at tiyak ang mga layunin ng MTB-MLE, naaalinsunod ang mga layunin nito sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang nasabing programa, nadedebelop ng mga layunin ng MTB-MLE ang mga kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, naaakma ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan, at nakikita ang resulta ng pagkatuto ng mga kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa mga nakatakdang layunin.

Ayon kay Nolasco (2008) na binanggit sa pag-aaral nina Mariano et. al. (2020) na ang pagpapaigting ng pagtuturo ng unang wika sa mga paaralan ay isang pangunahing ugat ng pagkatuto kung ito ay nagbunsod sa polisiyang Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE). Isinasaad sa polisiyang ito na higit na magiging madali ang pag-unlad ng kognitibong kakayahan at pagkatuto ng nilalaman ng isang materyal kung ito ay maituturo sa wikang pamilyar. Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Pressman at Wildavasky (1973), mahalaga na malinaw ang mga layunin at tunguhin ng polisiya upang sa gayon ay maging matagumpay ito, ang kakulangan sa maayos na pagpaplano ay maaari ding magbunsod ng hindi matagumpay na polisiya.

Ang mga sumusunod ay mga Talahanyan na nagsisilbing ebalwasyon upang masuri ang kahusayan ng mga guro sa implementasyon ng programang MTB-MLE sa Munisipalidad ng Polanco sa lalawigan ng Zamboanga del Norte na kung saan ang ginamit na inspirasyon sa pagbuo nito ay mula sa mga pag-aaral na matatagpuan sa mga nalimbag na mga aklat at sa internet na inilathala ng iba't ibang mananaliksik lalong-lalo na sa pag-aaral ni Bacalla, L. A. (2019), na pinamagatang “Pagtataya ng MTB-MLE: Tugon sa Pagpapaunlad ng Implementasyon ng K-12

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Kurikulum", kay Flagne, M. (2017), sa kanyang pananaliksik na "Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE): Saloobin at Kabisaan sa Pagtuturo" at kina Mariano, L. M. & Gime, A. V. (2020), sa kanilang pag-aaral na "Ang pagtataya sa implementasyon ng polisiya sa MTB-MLE ng mga pribadong paaralan sa rehiyon sa Pilipinas". Maging ang listahan ng mga pangungusap ay binuo gamit ang ilan sa kanilang mga talatanungan at ang iba ay personal na binuo ng mananaliksik.

Ginamit ang mga sumusunod na sukatan;

| ***Weight*** | ***Range of Values*** | ***Deskripsyon*** | ***Kwalipikasyon*** |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.21 – 5.0 | Talagang Lubos na sumasang-ayon | Talagang Napakahusay |
| 4 | 3.41 – 4.20 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3 | 2.61 – 3.40 | Sumasang-ayon | Mahusay |
| 2 | 1.81 – 2.60 | Hindi gaanong sumasang-ayon | Hindi gaanong mahusay |
| 1 | 1.00 – 1.80 | Hindi sumasang-ayon | Hindi mahusay |

**Talahanayan 7 Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ayon sa Kalagayan ng Kagamitang Panturo sa Unang Wika**

| **Kalagayan ng Kagamitang Panturo sa Unang Wika** | **WM** | **Deskripsyon** | **Kwalipikasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Mayroong iba't ibang batayang aklat na ginamit ang mga guro sa pagtuturo. | 3.93 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 2. Gumagamit ng mga "supplementary materials" ang mga guro sa pagtuturo. | 3.95 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3. Gumagawa ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro. | 4.08 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 4. Iniakma ang mga inihahandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral. | 4.00 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 5. Iniaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum. | 4.08 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| **Average Weighted Mean** | 4.01 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |

Batay sa resulta ng pagsusuri sa mga datos, matutunghayan sa Talahanayan 7 na ang nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang gumagawa ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro at ang naaayon ang mga kagamitan sa nakatakda sa kurikulum na may parehong mean na 4.08 na may katumbas na lubos na sumasang-ayon at may kwalipikasyon na napakahusay na ibig sabihin, ang mga guro na nakatalagang magturo sa Kindergarten hanggang Grade 3 ay nagpapakita ng kahusayan sa pagbuo ng mga kagamitang gagamitin sa pagtuturo sa unang wika. Gayundin, ito'y

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

nagpapakita ng kaakmaan sa antas ng mga mag-aaral na may mean na 4.00. Maliban sa kanilang ginagawang material, gumagamit din ng mga "supplementary materials" sa pagtuturo ang mga guro na may mean na 3.95 at ang panghuli ay may mean na 3.93 na ibig sabihin mayroong iba't ibang batayang aklat sa pagtuturo sa wikang Cebuanong Binisaya.

Sinabi ni Tomlinson (2001) na ang pagdebelop ng kagamitan ay isang larangan at gawain. Bilang larangan, ito'y pag-aaral sa mga prinsipyo at hakbangin sa pagbuo ng kagamitang panturo, implementasyon at ebalwasyon nito. Bilang gawain, kinasasangkutan ito ng produksyon, ebalwasyon at paggamit ng guro ng kagamitang panturo sa kani-kanilang klasrum. Ang pagkakaroon ng sapat na kagamitang panturo na dumaan sa proseso ng pagtataya ukol sa kabisaan nito ay isa sa mga paraan para matiyak ang kapaki-pakinabang na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang gawaing ito ay marapat na kasangkutan ng mga guro ng wika kung ang layunin niya ay para sa kapakanan ng mga mag-aaral na kanyang pinaglilingkuran.

Binigyang-diin ni (Espinosa), na ang kahit anong kagamitang pampagtuturo ay susi sa pagkakamit ng pagkatuto sa proseso ng pagtuturo. Hindi lamang nito nililinang ang kaalaman at kakayahan kundi epektibong naaabot rin ang mga layunin.

**Talahanayan 8 Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ayon sa Kalagayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Unang Wika**

| **Kalagayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Unang Wika** | **WM** | **Deskripsyon** | **Kwalipikasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. May kasapatan ang bilang ng mga guro na nagtuturo sa wikang Cebuanong Binisaya. | 3.83 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 2. Sapat ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo sa wikang Cebuanong Binisaya. | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3.Akma ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura | 3.68 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 4. Natutulungan at naihahanda ang mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa. | 3.90 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 5. May positibong pagtanggap ang mga guro sa programa na MTB-MLE. | 3.98 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| **Average Weighted Mean** | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |

Binibigyang-diin naman sa Talahanayan 8 ang Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Unang Wika na may kabuuang 3.85 na weighted mean na nagpapahayag na lahat ng mga respondent ay lubos na sumasang-ayon at may kwalipikasyon na napakahusay. Ito'y

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

nagpapahiwatig na may positibo silang pagtanggap sa programa na MTB-MLE, na sila ay natutulungan at naihahanada sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at ipa pa, sapat ang kaalaman at kasanayan nila sa pagtuturo sa wikang Cebuanong Binisaya, may kasapatan din ang bilang ng mga guro at akma ang natapos na ispesyalisasyon sa kanyang itinuturong asignatura.

Ayon sa isa sa mga bahagi ng pag-aaral nina Posel at Casale (2011), binanggit na ang guro ay dapat magkaroon ng wastong pagsasanay hindi lamang sa nilalaman ng kanilang mga paksa kundi pati na rin ang kaalaman sa background sa pagtuturo ng nilalaman gamit ang wika ng mga mag-aaral. Ayon pa sa kanila, ang mga guro ay dapat may espesyal na pagsasanay sa mga pedagohikal na estratehiya na nauukol sa MTB-MLE.

Isinasaad sa Theory of Instruction ni Bruner (1995), na mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga guro sa pagtuturo at proseso ng pagkatuto. Ang teoryang ito ay nagsasabi na ang pinaka-epektibong pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagkatuto at maging bilingual ay ang pamumuhunan sa paghasa ng karunungan sa unang wika.

Kaya naman ang isang guro na may pag-aalinlangan sa programang ito ay dapat magkaroon ng positibong saloobin upang maipatupad nito ang programang ng MTB-MLE nang buong kahusayan. Ito ay nakabatay sa Reinforcement Theory of Attitude Change (General Psychology, 1998), na ang pagbabagong saloobin ng isang indibidwal ay nagaganap lamang kung marami ang mga naniniwala sa mabuting epekto ng pagbabago.

**Talahanayan 9 Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ayon sa Kalagayan ng Implementasyon ng MTB-MLE sa Pagtuturo sa K-3**

| **Kalagayan ng Implementasyon ng MTB-MLE sa Pagtuturo sa K-3** | **WM** | **Deskripsyon** | **Kwalipikasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Mahalaga ang pagpapatupad ng polisiya sa buhay ng mga mag-aaral. | 3.93 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 2. Napauunlad nito ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral. | 3.78 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitang ng MTB-MLE sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa. | 3.93 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 4. Nagbibigay ng kabutihan ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto. | 4.05 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 5. Nagaganyak ang mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral. | 3.75 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| **Average Weighted Mean** | 3.89 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Makikita naman sa Talahanayan 9 na batay sa kalagayan ng implementasyon ng MTB-MLE na ito ay may kwalipikasyon na napakahusay, ibig sabihin lamang na lubos na sumasang-ayon ang mga gurong respondente na nagbibigay ng kabutihan ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto na may pinakmataas na mean na 4.05, mahalaga ang pagpapatupad ng polisiya sa buhay ng mga mag-aaral at nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitang ng MTB-MLE sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa na mat parehong mean na 3.93. Naniniwala din sila na napauunlad nito ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral sa mean na 3.78, at nagaganyak ang mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral.

[1] *Ang Mother Tongue-Based Multilingual (MTB-MLE) ay ang pangunahing programa*

[2] *ng pamahalaan para sa sector ng edukasyon bilang isang kapansinpansing bahagi ng pags asakatuparan ng K to 12 Basic Education Program Ang kahalagahannito ay nabigyang diin sa pamamagitan ng pagpasa ng Republic Act 10523, na kilala bilang ang "Enhanced Basic Education Act of 2013". Ang MTB-MLE ay isang pag-aaral, pormal o di pormal, kung saan ang katutubong wika at iba pang wika ng mag-aaral ay ginagamit sa loob ng silid-aralan.*

Sa Pilipinas ay magkakaiba ang sinusong wika ng bawat mag-aaral na pumapasok sa paaralan, depende sa kanilang nakalakihan sa tahanan. Sinabi ni Najib Saleeby noong 1924 nang suportahan niya ang ulat ng Monroe Commission na bigo ang paggamit ng monolingguwal na edukasyon sa Ingles (Almario, 2010). Higit na magiging madali ang pagtuturo ng ikalawang wika katulad ng Filipino at Ingles kung ang unang wika ng isang mag-aaral ang gagamitin (Krashen, 1991, 2000).

Madaling makadaragdag ng bagong konsepto sa kaisipan ng isang mag-aaral kung bibibyang-halaga ang unang dila o wika ng tao, at hindi kailangang ihinto ang pagkatuto ng nilalaman bago maging mahusay sa ikalawang wika (Dutcher & Tucker, 1994)

Sa pananaliksik ni (Gacheche), ipinakita ang mga benepisyong makukuha sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto gamit ng unang wika ng mga mag-aaral. Napatunayan na nakatutulong ito sa pagtaas ng porsyento o bahagdan ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Pado (2013), ang MTB-MLE ay babawas sa drop-out at repeater sa mga eskwelahan. Gayundin, makasasangkot dito ang mga magulang at komunidad. Partisipatoryo rin ito sa bahagi ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum na magbibigay daan sa pag-eenjoy ng mga estudyante habang natututo at nakukumbinsi na pumasok sa paaraln**.**

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 10 Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ayon sa Kalagayan ng Pakikisangkot ng Administrasyon**

| Kalagayan ng Pakikisangkot ng Administrasyon | WM | Deskripsyon | Kwalipikasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Sinusuportahan ng administrasyon ang pagpapatupad ng MTB-MLE. | 3.80 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 2. May sapat na kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTBMLE. | 3.95 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3.Positibo ang pagtanggap ng administrasyon sa polisiya. | 3.83 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 4. Matamang sinubaybayan ng administrasyon ang implementasyon ng MTBMLE. | 3.95 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 5. May ginagawang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTBMLE. | 3.75 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| **Average Weighted Mean** | 3.86 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |

Ang Talahanyan 10 naman ay nagpapakita ng kwalipikasyong napakahusay. Batay sa talahanayan, lubos na sumasang-ayon ang mga guro na matamang sinubaybayan ng administrasyon ang implementasyon ng MTB-MLE at may sapat na kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTBMLE na may parehong mean na 3.95. Maliban pa dito, sumasang-ayon din sila na positibo ang pagtanggap ng administrasyon sa polisiya sa mean 3.83, sinusuportahan din ng administrasyon ang pagpapatupad ng MTB-MLE na may 3.80 na mean at may ginagawang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTBMLE sa pagkakaroon nito ng mean na 3.75.

Binanggit nina Brinkerhoff and Crosby (2002) na ang matagumpay na polisiya ay hindi lamang nakadepende sa pagiging epektibo ng polisiya kundi sa pamamahala sa implementasyon. Ibig sabihin, mahalaga na malaman ng Departamento ng Edukasyon kung maayos bang sinusunod ng mga paaralan ang implementasyon ng programang MTB-MLE upang matiyak ang katagumpayan nito sapagkat hindi magpapakita ng matagumpay na epekto ang isang polisiya na hindi maayos na isinasagawa sa mga paaralan.

Ayon pa sa teorya tungkol sa ebalwasyon nina Kaplan at Baldauf (1997). Ayon sa kanila, sa pagpaplanong pangwika ay hindi sapat na makabuo at maipagamit ang isang estratehiya upang mabago ang isang sitwasyon o kalagayang pangwika. Kailangan ang patuloy na pagmomonitor o pagsubaybay sa panahon ng implementasyon nito at pagkatapos ay magsagawa ng ebalwasyon. Kailangan ang pagsasagawa ng ebalwasyon upang makita hindi lamang ang nagaganap na tagumpay at patuloy na pag-unlad ng estratehiya sa panahon ng implementasyon kundi upang matuklasan din ang kahinaan nito. Ang pag-alam sa kahinaan ng estratehiya ay kailangan upang mabigyan agad ng karampatang solusyon at pagbabago.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 11 Kahusayan ng mga Guro sa Pagtuturo ayon sa Kalagayan ng Pakikisangkot ng mga Tao sa Komunidad**

| Kalagayan ng Pakikisangkot ng mga Tao sa Komunidad | WM | Deskripsyon | Kwalipikasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Sapat ang kaalaman ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE. | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 2. Naiintindihan ng mga tao sa komunidad ang kahalagahan ng MTB-MLE para sa kanilang mga anak. | 3.98 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 3. Sumusuporta ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE. | 4.00 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 4. Positibo ang pagtanggap ng mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE. | 3.70 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| 5. Nakikisali ang mga tao sa komunidad sa mga gawain sa paaralan na may kinalaman sa MTB-MLE. | 3.73 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |
| **Average Weighted Mean** | 3.85 | Lubos na sumasang-ayon | Napakahusay |

Matutunghayan naman sa Talahanayan 11 na sumusuporta ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa mean na 4.00, naiintindihan ng mga tao sa komunidad ang kahalagahan ng MTB-MLE para sa kanilang mga anak sa pagkakaroon ng mean na 3.98 at sapat ang kaalaman ang mga tao sa komunidad sa pagpapatupad ng MTB-MLE na may mean na 3.85 nakikisali rin ang mga tao sa komunidad sa mga gawain sa paaralan na may kinalaman sa MTB-MLE sa mean na 3.73 at positibo ang pagtanggap nila sa pagpapatupad ng MTB-MLE na nagpapamalas ng mean na 3.70.

Mapapansin na ang buong talahanayan sa kabuuan ay may weighted mean na 3.85 na ibig sabihin lubos na sumasang-ayon at may kwalipikasyon na napakahusay.

Ayon kay Jernudd at Das Gupta (1971) ang lohika ng pagpaplanong pangwika ay batay kung paano tinitingnan ng lipunan ang wika. Nangangahulugang isinasagawa ang plano ayon sa pagtingin at pangangailangan ng komunidad. Ang wika ng komunidad ay kailangang isaalang-alang dahil ito ang pundasyon o nagsisilbing lingua franca nila kaya dapat sa pagpaplanong gagawin ay tuunan ng pansin ang kaligiran at kalikasan nito upang maiakma ang pagpili ng wikang gagawing opisyal. Wika nga ni Baker (2011) inilalarawan ang wika bilang pampersonal, pangkomunidad at pinagmulan ng wikang rehiyonal kaya mabuting sa pagpili ng wikang maging opisyal ay hindi mawawala ang kultura ng wikang kinagisnan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## IV. Konklusyon

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mahalagang reporma sa edukasyon na natutungkol sa midyum ng pagtuturong gagamitin sa paaralan. Binigyang halaga ang gamit ng bernakular na wika sa pagtuturo ng mga asignatura lalo na sa KIndergarten at unang tatlong baitang ng elementarya. Nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon o Department of Education (DepED) ng Kautusan Blg. 74 s. 2009 hinggil sa pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multingual Education (MTB-MLE) upang mas mapataas at maisakatuparan ang isang uri ng sistemang magbibigay ng higit na kalidad ng edukasyon sa lahat ng mga Pilipino.

Ang mga guro ay lubos na sumang-ayon sa paggamit ng MTB-MLE at nagpapakita ng lubos na kahusayan sa kanilang pagtuturo sa antas elementarya. Ito ay nagpapakita lamang na bukal sa kanilang loob ang pagtanggap sa bagong programa na ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng K to 12 sa pamamagitan ng matiyagang pagbuo at pag-iisip ng mga makabagong kagamitang gagamitin sa pagtuturo at paghahanap ng mga supplementary mareials na gagamitin maliban sa mga batyang aklat na ibinibigay ng Kagawarang Pang-edukasyon.

Ang bawat guro ay mayroong pagmamahal, pagsuporta at pagpapahalaga sa programa. Ito ay isang positibong salik ng tagumpay ng programang MTB-MLE. Sa kabila ng maraming kakulangan, nakahanda ang mga guro na punan ang mga ito para lamang maibigay ang de-kalidad na serbisyo. Mahusay at epektibong naipapatupad ng mga guro ang paggamit/ pagtuturo ng MTB-MLE sa kanilang mga mag-aaral sa antas elementarya. Ang bawat isa ay nagtulung-tulungan upang matiwasay at epektibong maitaguyod ang programang MTB-MLE para sa pag-abot ng tagumpay at mithiin sa paghubog ng ikadalawamput-isang siglong mag-aaral.

Ang kanilang positibong saloobin at mabisang pagtuturo ng MTB-MLE ay nagpapakita lamang na ang mga guro ay itinataguyod ng maayos ang programa. Ito ang siyang magiging susi upang lubusang maitaas ang bumababang kalidad ng edukasyon sa bansa. Magsisilbi rin itong tulay ng epektibong pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral na siyang kanilang kalasag sa pagharap ng mga hamon sa buhay at maging matagumpay.

Puspusan din ang ginawang pagsubabay ng Kagawarang Pang-edukasyon sa ikauunlad ng Implemensyon ng MTB-MLE sa bawat paaralang nasasakupan.

Ang kasalukuyang polisiya sa Implementasyon ng MTB-MLE sa pangkalahatan nitong layunin ay lubos na sinasang-ayunan ng mga respondent ngunit, hindi ito nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan sa kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ayon sa pagbubuo nila ng kagamitang panturo sa unang wika, sa pagtuturo ng unang wika; sa kalagayan ng implementasyon sa pagtuturo sa Kindergarten hanggang Grade, sa kalagyan ng pakikisangkot ng administrasyon; at sa kalagayan ng pakikisangkot ng mga tao sa komunidad.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

## MGA REPERENSYA


[1] Bacalla, L. A. (2019) PAGTATAYA NG MTB-MLE: TUGON SA PAGPAPAUNLAD NG IMPLEMENTASYON NG K TO 12 KURIKULUM: American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) e-ISSN: 2378-703X Volume-3, Issue-3, pp-252-261

[2] Baker, C. Foundations of Bilingual Education and Bilingualism. 5th Edition. (2011).

[3] Benson, C. (2004a). Bilingual schooling in Mozambique and Bolivia: From experimentation to implementation. Language Policy. 3, 47-66.

[4] Benson, C. (2004c). The importance of mother tongue-based schooling for educational quality. Background paper for EFA Global Monitoring Report 2005. Paris: UNESCO.

[5] Benson, C. Do we expect too much from bilingual teachers? Bilingual teaching in developing countries. International Journal of Bilingual Education and Bilingualism 7 (2&3), 204---221.Clevedon, UK: Multilingual Matters. (2004)

[6] Chomsky, Noam. 2006. Language and Mind. Cambridge University Press. New York USA

[7] Cummins, J. (1984). Bilingualism and special education: Issues in assessment and pedagogy. Clevdon, England: Multilingual Matters

[8] Cummins, J. and Swain, M. (1986). Bilingualism in Education: Aspects of theory research and practice. London:

[9] Dutcher, N. (1995). The use of first and second language in education. A review ofinternational experience. Pacific Island Discussion Paper Serie No. 1. Washington DC: World Bank

[10] Dutcher, N. (2003). Promise and perils of mother tongue education Center for Applied Linguistics, Washington, DC. USA.manila: 170+ Talaytayan MLE, Inc.

[11] Flagne, M. (2017). Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE): Saloobin at Kabisaan ng Pagtuturo: CapSU R& D Journal: 2017, CapSU R&D Journal

[12] Kaplan, R. B. (1990). Introduction: Language planning in theory and practice. In R. B. Baldauf & A. Luke (Eds.), Language planning and education in Australasia and the South Pacific (pp. 3-13). Clevedon, England: Multilingual Matters.

[13] Kaplan, R. B., & Baldauf, R. B. (1997). Language planning from practice to theory. Clevedon: Multilingual Matters.

[14] Longman Darling-Hammond, L. (1990). Intructional policy into practice: "The power of the bottom over top". Educational Evaluation and Policy Analysis, 12 (3), 339-347.

[15] Mariano, L. M. & Gime, A. V. (2020). Ang pagtataya sa implementasyon ng polisiya sa MTB-MLE ng mga pribadong paaralan sa rehiyon sa Pilipinas: nternational Journal of Research Studies in Education 2020 Volume 9 Number 3, 1-8

[16] Nolasco, R. M. (2008). The prospects of multilingual education and literacy in the Philippines. In A. Bernardo (Ed.), The paradox of Philippine education and education reform: Social science perspectives (pp. 133-145). Manila: Philippine Social Science Council.

[17] Nolasco F, Datar & Azurin (Eds.) Starting where the children are (pp 23-25).

[18] Nolasco, Ricardo. 21 reasos why Filipino children learn better while using their mother tongue. UP-Diliman.

[19] Rubin, J., Jernudd, B. li., Das Gupta, J., Fishman, J. A. & Ferguson, C. (eds.) (1977). Language planning processes. The Ifugue: Mouton.

[20] Rubin, J. & Jernudd, B. Ii., (eds.) (1971). Can language be planned Honolulu: University of Hawaii, East V. Ist Center.


Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

[21] Tomlinson, Brian 2001. Developing Materials for Language Teaching. Cambridge University Press. New York USA
[22] UNESCO (2003). Education in a multilingual world. UNESCO Education Position Paper. Paris: UNESCO Retreived March 1, 2013
[23] UNESCO (2007). Mother tongue-based literary programmes: Case studies of good Practice in Asia. Bangkok: UNESCO Asia and Pacific Regional Bureau for Education.

Internet:
[24] file:///C:/Users/Admin/Downloads/5821_ijrse_final.pdf
[25] file:///C:/Users/Admin/Downloads/Pagdalumat_sa_Pagpaplanong_Pangwika_ng_P.pdf
[26] file:///C:/Users/Admin/Desktop/PARA%20PASA%20FINAL%20REQUIREMENT/MTB-MLE%20TUGON%20SA%20PAGPAPAUNLAD%20NG%20IMPLEMENTASYON%20NG%20K-12%20KURIKULUM%20PDF.pdf
[27] file:///C:/Users/Admin/Desktop/H32.pdf
[28] file:///C:/Users/Admin/Desktop/Burton_umn_0130E_13632.pdf
[29] www.ajhssr.com
[30] https://issuu.com/ajhssr.editor/docs/zc1933252261
[31] https://www.academia.edu/34973273/KABANATA_I
[32] https://www.academia.edu/36077756/Filipino_research_paper_docx
[33] https://dokumen.tips/vembed/mtb-mle
[34] https://www.scribd.com/document/414530550/Pananliksik
[35] http://consortiacademia.org/wp-content/uploads/2020/v9i3/5821_ijrse_final.pdf
[36] https://pdfslide.tips/documents/pagtataya-ng-mtb-mle-ng-pag-unawa-at-paglinang-ng-kritikal-na-pag-iisip-napakaraming.html
[37] https://www.academia.edu/40931327/Mother_Tongue_Based_Multilingual_Education_MTB_MLE_Saloobin_at_Kabisaan_ng_Pagtuturo

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved